

Gamot sa Sipon

Impeksyon sa Itaas na Respiratory Tract

Ang sipon sa pangkalahatan ay tumutukoy sa infection of the itaas na respiratory tract, hal. ilong, pharynx, larynx at trachea. Ito ay napaka pangkaraniwang nakakahawang sakit at karamihan sa mga kaso ay katamtamang uri lamang. Mayroong mga 200 klase ng mikrobyo na may kakayahang mahawahan ang itaas na respiratory tract at, hanggang ngayon, wala pang nakikitang epektibong bakuna upang maiwasan ang nasabing impeksyon. Dahil karamihan sa mga kaso ay sanhi ng virus, hindi gumagana ang antibiotics para sa sakit. Ang mga pasyente ay kusang gagaling sa kanilang sarili sa loob ng isang linggo. Walang gamot sa sipon. Sapat na pahinga ang pangunahing susi upang maiwasan ang mahawa at maikalat ito sa ibabang respiratory tract.

Karaniwang ginagamit na Gamot

Ang gamot na karaniwang ginagamit para sa sipon kasama ang mga sumusunod na apat na kategorya:

1. *Analgesics and antipyretics*: Halimbawa ay ang aspirin at paracetamol. Ginagamit sila para guminhawa sa lagnat at sakit na nararamdaman tulad ng sakit ng ulo at kalamnan. Maaari silang makapagdulot ng pagpapawis at ang aspirin ay maaaring makairita sa gastric mucosa at maging sanhi ng pananakit ng tiyan. Kung gayon, ang aspirin ay dapat na iniinom pagkatapos kumain. Ang mga komersyal na gamot na mabibili sa mga pamilihan para sa sipon ay kadalasang naglalaman ng mga sangkap na kasama sa kategoryang ito. Espesyal na pansin ay kinakailangan dahil ang sobrang pag-inom dosis ng gamot habang walang lamang tiyan ay maaaring mauwi sa gastrorrhagia.
2. *Antihistamines*: Para sa pagpapagaan ng sintomas ng tumutulo at nagbabarang ilong. Sila rin ay antiallergic at maaaring gamitin sa mga allergic na sakit, tulad ng sa ilong at balat na allergies. Ang mga posibleng epekto kasama ang pagkaantok, pagkauhaw at pananakit ng tiyan. Ang mga pasyente ay kinakailangang uminom ng maraming tubig, inumin ang gamot pagkatapos kumain at tigilan ang alkohol, pagmamaneho o pagsali sa mga delikadong aktibidad. Ang mga gamot sa

kategoryang ito ay hindi maaaring inumin ng may pildoras pampatulog, tranquilisers o antispastics. Para sa mga karagdagang detalye, maaaring konsultahin ang inyong doktor o parmasyutiko.

3. *Cough Syrup: Ang sipon ay maaaring magdulot ng malaking bilang ng secretions sa respiratory tract, na nagpapataas ng madalas na pag-ubo na may plema. Ang tungkulin ng pag-ubo ay upang mailabas ang plema mula sa respiratory tract at gayundin ang mikrobyo. Ang ibang mga pasyente, pagkatapos gumaling, ay maaaring mayroon pang pangangati ng lalamunan o ang kagustuhang umubo kapag nahantad sa mga external na pagkairita tulad ng usok, alikabok o lamig. Ang mga sintomas na ito, kilala bilang tuyong ubo, ay maaaring maging mas malala sa gabi at makapekto sa kalidad ng pagtulog ng pasyente.*

Karaniwang ginagamit na syrup sa pag-ubo ay maaaring mahati sa dalawang kategorya ayon sa layunin ng gamit:

- A. Expectorants: Para sa dumaraming secretions ng respiratory tract. Ang mga secretions na ito ay hindi lamang nagpo protekta ng respiratory tract mucosa kundi nakakabawas din ng pangangapal ng plema. Ang manipis na plema ay madaling dumaloy at maiubo palabas, kaya't napapaghinawa ang ubo. Ang karaniwang sangkap ng expectorants kasama ang ammonium chloride, tincture of ipecacuanha at tincture of senega.
 - B. Antitussives: Para sa pagpapaghinawa ng ubo sa pamamagitan ng pagpipigil sa central nervous system. Ang ibang antitussives ay naglalaman ng codeine kung saan ito ay may banayad na anaesthetic at maaaring makapag dulot ng antok. Ang mga produktong mayroong codeine ay hindi inirerekomenda sa mga batang mababa sa 12 taon ang edad.
4. Ang iba pang gamot na para sa sipon ay kasama ang mga lozenges at mga gamot pang mumog sa bibig. Ang kanilang layunin ay upang mapaghinawa ang sakit ng lalamunan at iba pang hindi maginhawang pakiramdam na kaugnay ng sipon.

Pakikibagay sa Buhay

Ang mga taong dumadanas ng sipon ay kinakailangang magkaroon ng maraming pahinga, kumain ng may magaan na diyeta na may madaling matunaw na pagkain, at dagdagan ang pag inom ng likido. Dapat nila iwasan ang pagbisita sa mga matatao at walang maayos na bentilasyon na pampublikong lugar upang maiwasan ang pagkalat

ng sakit. Ang namamagang lalamunan at tuyong ubo ay maaaring guminhawa sa pamamagitan ng pag inom ng mainit na tubig o tsaa ng paunti unti at paglanghap ng mainit na singaw dahil ang mga paraang ito ay nakakatulong upang mapagaan ang paghihirap sanhi ng namamagang mucosa sa lalamunan. Huwag magmaneho o magpatakbo ng mga makinarya kung nakakaramdam ng antok pagkatapos inumin ang gamot sa sipon.

Pagiwas sa Sipon

Mayroong mga 200 na uri ng mikrobyo na nagiging sanhi ng sipon. Walang bakuna sa ngayon ang mayroon para dito. Ang pananatiling masaya, pagkakaroon ng sapat na tulog at balanseng pagkain ay makatutulong upang mapaganda ang ating immunity laban sa sakit. Kailangan din nating bigyan ng pansin ang pangsariling kalinisan at panatiliin ang magandang bentilasyon sa bahay. Iwasan bumisita sa matataong pampublikong lugar, partikular na sa lugar na hindi maganda ang bentilasyon, na maaaring makabawas ng tyansa ng pakikisalamuha sa tao at mababawasan ang peligro ng impeksyon.

Pag iimbak ng Gamot

Ang gamot ay kinakailangang nakatago sa malamig at tuyong lugar. Sa pangkalahatan, ay hindi kinakailangang ilagay sa refrigerator maliban kung nasasaad sa label ng gamot. Gayundin, dapat na nakatago ito ng maayos upang maiwasan ang aksidenteng pagkakamali na mainom ng mga bata.

Tanggapan ng Droga

Kagawaran ng Kalusugan

Enero 2021